Nang Sabadong iyon umalis kaming mag-ina sa Sagada. Isinama ko ang aking anak sapagkat nalulungkot siyang maiwan. Naghintay kami ng bus sa Sabangan na patungong Banawe. Nangangamba ako sapagkat ala una na ay wala pang dumadaang bus samantalang karaniwan alas onsi pa lamang ay dumadaan na ang bus na ito. Iniisip na naming babalik na lamang sa Sagada nang walang anu-ano'y dumating na rin. Mag-iikalawa nang hapon nang makarating kami sa Bontoc. Nakita namin ang kasama kong naghihintay din ng bus ngunit puno

ang aming sinasakyan kaya't sa iba na lang siya sumakay.

Nakakatakot ang kalsadang papunta sa Banawe. Takot na takot akong tumingin sa bangin. Nang makarating kami sa may guho, pinigil ko ang aking hininga. Nanginginig ako habang nagdarasal sa Diyos upang iligtas kami sa panganib. Nagpapasalamat ako at kami'y nakarating kaagad sa Banawe kahit huli na.

Pinalipas namin ang gabi sa bahay ng aking kamag-anak. Nagkuwentohan kami hanggang hating gabi kaya't tulog pa kami nang dumaan ang aming mga kasama. Maaga kaming nakarating sa Lagawe. Kinabukasan ng linggo. Nanghina ang loob ko sapagkat wala doon ang aking asawa na manggagaling sa Maynila. Ngunit sinabi ng aking tiya na: "Kumain muna tayo at saka ko na kayo ihehatid." Napalukso ako sa galak dahil hindi ko talaga alam ang papunta roon at ngayo'y mayroong maghahatid.

Walang nakakatakot sa kalsadang Lagawe-Bagabag kaya't hindi ko pinangangambahan ang anomang aksidente. Ang binabantayan ko lamang ay ang aking anak dahil sa sinasabi nilang nag-iiniksiyon. Nasa diyaryo ang tungkol sa nakabarong P.C. at nars na silang nag-iiniksiyon ng lason. Mayroon daw mga batang mamatay dito.

Napakainit noon nang makarating kami sa paliparan ng eroplano sa Bagabag. Sinundan namin ang paliparan ng eroplano ngunit wala palang daang papasok sa kinaroroonan ng mga bahay. Parang may bakod na nakapaligid dito. Naligaw kami ngunit wala kaming mapagtatanungan. Ilinibot ko ang aking paningin. Nakakita ako ng mga nagtatanim ng palay sa malayo. Sinabi ko sa aking mga kasama na bumalik kami at magtanong sa mga taong iyon at nang makapagsilong din sila sa lilim. Itinuro ng lalaki ang daan. Naku kaunting tiyaga lang pala ay naratnan na namin ito. Ngunit maganda ring karanasan iyon.

Pinawisan ako't sumakit ang aking mga paang namamaga.. Muli kong hinanap ang daang ito. Salamat nakita ko. Mabuti at nakasalubong ko ang isang pamilya na nagturo sa akin ng tahanan ng mga amerikanongnakatira sa Sagada. Masasaya sila at ako'y dumating. Ipinakilala nila ang kanilang bisita na Amerikano rin. Gumaan ang aking pekiramdam nang makainom ako ng malamig na tubig na ibinigay nila. Sinabi kong mayroon akong mga kasamang naghihintay. Pinatawag nila ang aking mga kasama at kami'y kumain. Nahihiya ako sapagkat ang mga amerikano'y hindi nagluluto ng sobra kung wala silang bisita. Sinabi ko ito sa kanila ngunit sinabi nilang marami silang inihanda. Kaya't nagmaneho ang bisita nilang lalaki at pinuntahan namin ang aking mga kasama. Nasarapan kami sa pagkaing Amerikano. Nahihiya ang aking kasama kaya't hindi niya inubos ang kanyang pagkain. Nagtaka pa siya dahil marunong magsalita ng igorot ang mga Amerikano. Pagbalik

namin sa Lagawe ipinagyabang niya sa kanyang mga asawa at mga kaibigan na nakasalo niya ang mga Amerikano sa Bagabag.

Kinabukasan ng Lunes, inihatid kaming mag-ina ng aking asawa sa Bagabag. Ginamit namin ang isang hiniram na dyip. Tumira kami sa bahay ng isang Amerikanong pansamantalang nagbakasyon sa Amerika. Ang sarap tumira sa bahay ng Amerikano.

Ang Pitong Oras Na Biyahe  
Na Naging Labintatlo

Ang biyaheng mula sa Maynila papuntang Bagabag ay pitong oras. Ngunit nang pumunta ako roon ang pitong oras na ito ay naging labintatlo. Kung papaano ito nangyari ay siyang laman ng kuwentong ito.

Isang umaga sa buwan ng Setyembre dumating ako sa opisinang pinapasukan ko -- ang Surian ng Wikang Pambansa sa Kagawaran ng Edukasyon at Kultura. Ito'y nasa Maynila. Nang ako'y nag-aayos ng aking mesa tinawag ako ng aming direktor. Habang papalapit ako sa kanyang pintuan ay nagsimulang manginig ang aking tuhod. Alam ninyo, kapag may tawag ang direktor o kahit sinong nakatataas, karaniwang dahil sa isang pagkakamali. Gayon pa man paminsan-minsan din ay kapalaran ang naghihintay sa inyo. Napabuntunghininga

ako nang malaman ko na ganito nga ang naghihintay sa akin doon. Sinabi ng aming direktor na dadalo ako sa isang gawaing-kapulungan ng mga manunulat sa Bagabag.

"Sa wakas," sabi ko sa aking sarili. Matagal ko nang ibig magbakasyon sa aking trabaho ng kahit saglit man lamang. Ito'y tunay na grasya. Hindi ko namalayan ang aking pagsang-ayon. Dalawa ang alam kong daang papunta sa Bagabag kapag galing ka sa Maynila. Ang una ay ang daang Bagyo-Bontoc-Banawe at Bagabag. Ang italawa ay ang daang Cabanatuan-Bayom-bong. Hindi ko pa ito nakita kaya't naisip kong subukin.

Pagkaraan ng tatlong araw ay sakay na ako ng bus patungong Lamut, Kiangnan. Ito ang bus na dadaang Bagabag. Maaga kaming umalis. Pagkaraan ng ilang saglit naratnan namin ang hiwalayan ng dalawang daang ito. Hindi kami nakalalayo dito ay biglang huminto ang aming sasakyan. Nang sumilip ako sa bintana, Waw ang haba-haba ng

linya ng mga sasakyang naratnan namin. Nag-  
sisiminto sila ng kalsada kaya't kailangang  
halilinan ang pagdaan ng mga ito sa iisang  
panig ng kalsada. Minalas naman kami. Kami  
pa ang pinaghintay. Butas-butas pa naman ang  
kalsada kaya't dahan-dahan ang pag-urong ng mga  
ito. Parang namamasyal na magkasintahan. Naka-  
kainip tingnan. Mangani-ngani akong babalik  
para magdaan na lamang sa Bagyo. Ngunit kami'y  
naghintay. Naghintay nang naghintay. Napa-  
kainit pa naman. Para kang nasa pugon. Ang  
mga bata'y nagsimulang umiyak, at hindi tuloy  
malaman ng kanilang mga ina kung paano mapapa-  
tahan ang mga ito. Ang mga lalaki naman ay  
hindi mapalagay. Labas-masok sa bus. Samanta-  
lang minamasdan ko ang kanilang pagkainip  
hindi ko napigil ang pagtawa. Mangyari  
naalaala ko tuloy ang isang mamang labas-  
masok sa silid-anakan ng ospital at palakad-  
lakad habang naghihintay sa pagsilang ng.

kauna-unahang supling. Nalimutan ko tuloy na ako'y nainip din sa paghihintay.

Maya-maya'y nagsisitakbong pepasok ang mga nagsilabas sa bus. Lahat ay nakatawa kaya't alam kong sa wakas ay aalis na rin kami. Habang patuloy ang aming sasakyan napansin kong marami sa kalsada ang hindi aspaltado. Parang kalsadeng Sagada-Dantay. Napakaalikabok. Ngunit ang kalsadang malapit sa malalaking bayan ay magaganda at aspaltado. Dito rin ay walang ibang natatanaw kundi mga palayan na malalawak. Hindi katakakang tawagin ito na bigasan ng buong bansa.

Ang kalsada ay lalong sumasama habang palapit kami sa Nueva Viscaya. Ang mga kalsada ay yari sa mga bundok na walang masyadong kahoy. Ito ang dahilan kung bakit sa kaunting ulan lamang ay gumuguho na ang lupa. Ito rin ang dahilan ng aming pagkabalam, at nagpahaba ng aming biyahe.

Ang una naming pagkabalam ay gawa ng malakas

na ulan na gumuho sa lupa. Samantalang linilinis ito ng bulduser ay naghintay kami sa loob ng bus. Hindi puwedeng makalabas. At hindi rin makadungaw sa bintana dahil sa lakas ng hangin at ulan. Dahil sa walang magawa natulog na lamang ako. Nagising ako sa lakas ng makina ng bus. Kami pala'y paalis pagkatapos ng dalawang oras ng paghihintay. Nang iwanan namin ang lugal na ito at lumayo-layo nang kaunti nakita namin ang bunton ng lupa na nakaharang sa kalsada. Gumagawa sila ng bago kaya't ang lupang galing sa ginagawa nilang ito ay siyang humarang sa dating daan. Ngunit hindi nagtagal ay lininis na rin ng bulduser.

Hindi nagtagal ay ang ikatlo naming pagkabalam. Ngayon naman ay pagpapalawak ng kalsada. Sinisimulan nila sa taas ng bundok ang trabaho. Pagkalalaking bunton ng lupa ang bumabagsak sa kalsada mula sa taas. Samantalang tinitingnan ko ito ay takot na takot ako. "Ano kaya kung bagsakan ang bus at ito'y mababaon," kako sa

loob-loob ko. Kapag ganito ang mangyayari mapapatulad na lamang kami sa mga Pilipinong ibinabaon ng mga hapon na buhay noong panahon ng ikalawang digmaan. Naramdam kong tumitindig ang aking buhok at balahibo sa takot. At nagdasal akong mabuti. Nang tumigil ang bumabagsak na lupa ay lininis din ito ng bulldoser.

Sa kabila ng mga panganib na ito'y masasabi ko pa ring sinuwerte kami sa pagkakaroon ng mga bulldoser na ito. Ang dahilan ay itong kalsada ay isa sa mga proyekto ng pangulong Marcos sa ilalim ng usapan ng bansang Pilipinas at bansang Hapon. Kaya't kapag nayari ang kalsadang ito tiyak na napakagandang daan ang kalalabasan nito. Kahimaniwari!!!

Gabi na nang makarating ako sa Bagabag. Ang pitong oras na biyahe ay natapos pagkaraan ng labintatlo. Ngunit nagpapasalamat ako't nakarating pa rin ako dito. Lalo akong nasyahan dahil ang taong sumalubong sa akin ay

napakabait. Dinala ako sa titirahan kong bahay  
at ako'y napalundag nang ang aking makakasama ay  
walang iba kundi mga gurong galing din sa Sagada.

## Ang Init sa Bagabag

Walang bagay sa Sagada na maaaring paghambingan ng init sa Bagabag. Para akong pinipirito sa palayok. Kung maaari lamang ay magbabad ako sa tubig na parang pato lalong-lalo na kung tanghaling-ta-pat. Sa gabi ang lahat ng bintana'y bukas ngunit talagang napakainit pa rin. Ngunit ang hinahangaan ko rito sa Bagabag ay ang mga tao. Mababait sila. Kahit bukas ang lahat ng bintana'y wala kang dapat ipangamba o dapat katakutan. Isa pa nasisiyahan ako sa magandang pagsasamahan ng mga Filipino at mga Amerikano. Walang nakikiialam sa ginagawa ng bawa't isa. Sa ganito ako'y nakakepasok sa klase na kahit nakasyorts o di kaya'y naka tsinilas na lamang. Samantalang sa Sagada hindi ako maaring gumamit ng syorts dahil nahihiya ako sa aking mga binting parang paa ng kalabaw. Dito talagang masarap gumamit ng syorts dahil nga sa init.

Samakatuwid nakakainip sigurong tumira dito sa Bagabag kundi lamang sa malapit na Swimming pool, sa bintilador, ang malamig na inumin na nanggagaling sa ripridyeretor, sa dami ng tubig at bukod sa lahat ang mababait na tao.

## Ang Palengke sa Bagabag

Ang palengke sa Bagabag ay may pagkakaiba dito sa atin. Ito'y mas malaki. Lahat ng bagay na nabibili ay mayroon kagaya ng isda, karne, dilata at iba't-ibang klase ng gulay. May mga gulay dito na wala sa atin. Halimbawa ang mga talong na halos kasinlaki ng pamalo sa bola. At ito'y murang-mura. Sampong malalaking talong ay nagkakahalaga ng sampong pera lamang. Mayroon ding balatong na pagkahaba-haba. Maaaring tatlo o apat na balatong sa atin ang haba. Napakarami ang mga saloyot na napakasarap sa mga Ilokano ngunit katulad lamang ng sibsibit sa atin. Walang gaanong prutas maliban na lamang sa saging na iba't ibang klase.

Noong una kong pagpunta rito ay hindi ako gaanong nagtaka dahil ang palengke sa Maynila na pinu-puntahan namin ay ganito rin. Mas malaki pa. Ngunit ang kasama ko ay nagulat. Hindi niya

napigil ang tumawa. Nang tanungin ko kung ano ang kanyang tinatawanan ay ang nakikita pala niyang ginagawa ng mga tindera. Kayo man siguro ay matatawa rin kung makikita ninyo sila. May iba diyan na halos parang lubo ang kanilang liig sa kasisigaw. Kung isda halimbawa ang kanilang itinitinda ay nagsisisigaw sila ng: "Isda, isda. Bili kayo ng isda. Sariwang-sariwa at lumulukso pa."

Mayroon ding nagtitinda ng karne na nagsisiawit ng pagkelakas-lakas. "Karne, karne. Sariwang karne. Bili kayo. Pag-ayaw pa kayong magsilapit mauubusan kayo ng maiuwing karne."

Nakakatawa talaga. At nakakabingi rin. Kung lalapit ka halimbawa sa isang tindera at biglang sisigaw sa iyong tainga para bagang may humarang na kung ano sa inyong pandinig. Mayroon ding ibang tindera na nakakainis. Minsan nang ako'y nagtatanong ng halaga ng isang bagay bigla na lamang isinigaw ang presyo. Inis na

inis ako dahil parang bingi ang kanyang kinakausap.  
Sa inis ko'y kamuntik ko pang tikumin ang kanyang  
bibig. Ngunit umalis na lamang akong walang bini-  
ling kahit ano.

Ganito ang mga pangyayari sa malalaking pa-  
lengke. Hindi kasiya-siya ang mamili. Nakaka-  
pagod, nakakabingi at minsan nakakahilo sa  
dami ng tao.

## Kung Nagkakaisa Tayo, Lalo Tayong Malakas

Ang baryo ng Bogang ay nakakaawang tingnan pagkatapos ng sunog. Walang masyadong taong kumikilos. Nakakalat ang mga ari-arian. Ang mga tao ay natutulog sa labas. Sa buong maghapon ang mga ito'y nangakaupo lamang sa lugal na dating kinatatayuan ng kanilang mga bahay. Ayon sa paniniwala rin ng mga taga-roon, masama ang makitira sa ibang bahay. Masama pati mag-uwi ng kahit anong bagay na galing sa sunog. Sa ganitong paniniwala kailangang-kailangan ang pagkakayari ng mga bahay na nasunog sa lalongmadaling panahon. Ngunit sa laki ng nasunog matatagalan bago ito maisaayos. Lalong-lalo na at kakaunti ang mga tao roon.

Ngunit ang mga bagay na mahirap gawin ay nagagawa kung may pagkakaisa. Ang pagkakaisang ito ang nakapagpapalakas.

Kinabukasan ng sunog na iyon nagtipon-

tipon ang mga lalaki sa baryo. Pinag-usapan nila, kung ano ang magagawa sa kabutihan ng khat. Ito ang simula ng kanilang pagkakaisa. Pagkatapos ng pulong na iyon ay nagsiuwi sila at sinabi nila sa kanilang pamilya ang pinag-usapan sa pulong.

Ang mga lalaki ang mamamahala sa pagpapatayo ng mga bahay. Ang bawa't isa ay nanguha ng itak, panali at kahoy na pangkarga. Pagkatapos ay naghiwa-hiwalay sila. Ang iba ay nanguha ng kogon. Ang iba naman ay nanguha ng kahoy. Mayroon ding nanguha ng lolo at oway. Ang mga ito ang mga pangangailangan sa paggawa ng bahay. Ang mga matatadanna hindi makakabuhay ng mabigat ay naroon ding tumutulong. Sila ang nagtatali ng kogon.

Ang mga babai ay ganoon din. Ang iba sa kanila ay naghanap ng mga kamote at gulay. Pagkauwi nila sa nga ito'y linuto naman ng ibang pulutong. Ang iba naman ang namamahala sa pagsasaayos ng mga nakakalat na mga ari-arian. Ang mga matatanda ay tumulong sa pagtatalop ng kamote o di kaya'y

nag-alaga ng kanilang mga apo.

Ang mga bata ay hindi nalibre sa mga gawain. 'Yong may gulang na apat o lima na kadalasa'y naglalaro lamang ay nautusang mag-alaga rin ng kanilang makilili na kapatid. Ang matanda-tanda nang kaunti na nakabitbit ng baldi ay tumulong sa pag-igib ng tubig. Ang mga dalaga't binata ay nanguha ng bato sa ilog. Ito'y kanilang ginamit sa datil at sa bahay ng baboy.

Ang pagtulong ng mga taga-labas ay hindi rin makakaligtaan. Ang mga eskuwela halimbawa sa Saint Mary's, Sagada ay nagsipagdala ng mga kohon at kahoy. Ang mayor at ang ibang tao na may pusong makatao ay gumawa ng paraan para makahingi ng tulong sa ibang lugal kagaya ng Bagyo o Manila. Ang mga taga-Bogang na pumunta sa ibang lugal para maghanapbuhay ay nagsiwi ng mga pagkain, damit at mga kumot.

At lalong kahanga-hanga ang tulong ng mga Amerikanong nakatira sa lugal na iyon. Marami

silang ibinigay na kailangan ng mga tao. Ngunit ang pinakamahalagang tulong na ginawa nila na maaaring hindi nakikita ng karamihan ay ang kanilang walang hanggang pananalangin sa ikabubuti ng lahat. Ito sana ang lalong magpatingkad sa ating pagkakaisa at makapagbukas sa ating mga tainga para makinig sa kanilang itinuturo tungkol sa Diyos.

Kung wala tayong pagkakaisa noong panahon na iyon, kung bawa't isa'y kanya-kanya ang gawa, maaaring naging buwanan ang sandaling pagsasaayos natin sa ating lugal. Kaya't kung mayroon tayong pagkakaisa tiyak na lalo tayong malakas.

## Ang Bagyo na Hangin Lamang

Nakakita na ba kayo o nakaranas ng bagyo na hangin lamang? Sa Sagada, ang alam nating bagyo ay magkasamang malalakas na ulan at hangin, o di kaya'y napakalakas na ulan lamang.

Isang Sabado nang umaga, ang amerikanong piloto ng mga linguists sa Bagabag ang nagsabing magsihanda raw kami dahil may darating na bagyo. Ang dating nito ay ikawalo sa kinabukasan nang gabi. Ngunit ang ikinuwento niya ay tungkol sa malakas na hangin, kaya't hindi namin ito masyadong pinansin. "Anong nakakatakot sa hangin lamang? Ang malakas na ulan ang nakakatakot marahil sa mga hindi marunong lumangoy lalo na't bumaha." Kami'y napatawa lamang. "Takot pala ang mga piloto sa malakas na hangin."

Nang hapon ding iyon ay nagsikilos sila para ayusin ang kanilang mga bahay. Ang mga babae ay namalengke at bumili ng lahat ng

kanilang pangangailangan. Ang lahat ng mga kagamitang babasagin sa tokador ay ibinaba nila sa sahig. Ang mga bagay na nasa labas ay ipinasok. Binantaan nila kaming lumipat ng tirahan at sumamadaw sa malaking bahay na yari sa siminto. Ngunit hindi rin kami kumilos. Maya-maya'y nakita ko silang naglilipatan na daladala ang kanilang mga kumot at kutson. Nangamba na rin ako. Tinanogn ko ang piloto kung gaano kalakas ang bagyong ito. Sinabi niya sa akin na "ang bagyo ay nasa dagat pa ngunit may bilis na 300 na kilometro bawat oras. Kung tutuloy ito sa atin ay kaya niyang ilipad ang mga bahay, mga tao at hayop." Ay naku! Napakalakas namang hangin iyan! Ang alam kong takbo ako. Sinabi ko sa aking kasama na magsara na kami ng mga bintana. Ang lahat ay takot na takot dahil malapit kami sa Casiguran, Quezon na unang babanggahin ng bagyo.

Nang ika-pito at kalahati kinabukasan, linggo

noon, magkaisang nanalangin ang lahat na naroroon. Hiningi namin sa Diyos na iligtas kami sa bagyo. Hindi pa kami nakauwi ay narinig namin ang malakas na ingay ng hangin. Magdamag ang hangin walang kasinlakas sa atin. Mayroong parang taong sumisipol. Mayroong parang ingay ng fire trak o trak ng mga polis. Mayroong katulad ng eroplano kung maghuhulog ng bomba. At mayroong parang asong tumatahol. Ang mga puno sa likod ay nagwawasiwas. Ang mga bahay ay nagngingitngit na parang lumilindol. Mayroon din parang ingay ng motor sa kiskisan ng palay o motor ng trak na papaalis. Nakakatakot talaga sa gabing yaon. Hindi ako nakatulog. Inggit na inggit ako sa aking kasamang dalaga sapagkat himbing na himbing ito. Ibang-iba talaga ang pakiramdam ng isang inang malayo sa mga anak lalo na sa ganitong panahon.

Ganito pala ang bagyo na hangin lamang sa mga lugal na mababa. Kami'y nagpapasalamat sa Diyos at nasagot niya ang aming dalangin. Nag-iba

ang daan ng bagyo. Ito'y nagtungo sa Aparri  
kaya't ang hangin dumating sa Bagabag ay tuma-  
takbo ng 110 kilometro lamang bawat oras sa halip  
na 300. Nagpapatunay sa kapangyarihan ng dala-  
ngin lalo na't taos-pusong ginagawa.

## Kung Naroon Kayo Nang Mahulog

### Sa Bangin Ang Bus

Marami ang nagsasabing ang mga aksidente ay nangyayari tuwing bakasyon ng mga nagsisipagalar, pasko, bagong taon at iba pang mahal na araw. Bagama't hindi lahat ay karamihan nga naman ang aksidenteng nagaganap sa mga ganitong panahon.

Noong unang araw ng Enero, 1972, isang kakilabot na aksidente ang naganap. Isang Dangwa bus na galing sa Tabuk papuntang Bontoc ang nahulog sa bangin. Tatlo po't dalawang tao ang namatay at mahigit na tatlo po naman ang sugatan. Isa sa mga sugatan ay pinsan ng aking kabiyak. Nagbakasyon siya noon at pabalik na siya sa Bagyo upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral.

Bagong taon noon at madilim pa nang dumating ang isa kong kamag-anak na pari sa bahay. "Maghanda kayo. Sasama tayo sa Bontoc," ang sabi. Sa pagkakasabi'y alam

kong masama ang pangyayari. Maaaring may namatay o di kaya'y may nasugatan. Nang makasakay kami ay sinabi niya na mayroon nga kaming kamag-anak na naaksidente.

Pagdating namin sa ospital ng Bontoc ay marami na ang mga tao. Narinig namin ang mga dumadaing dahil sa sakit ng sugat. Hinanap namin kaagad ang aking pinsan. Nakita namin siyang ginagamot. Wala na siyang malay. Hindi makapagsalita at hindi rin makakilos. Sugatan ang isa niyang kamay at durog ang mga boto. May sugat din siya sa liig na malapit na sa kanyang lalamunan. Malambot ang kanyang ulo gawa marahil ng pagkakabunggo nito. Sa tingin ko'y walang makapagsasabi kung mabubuhay pa ito. Ang iba sa amin ay nangag-iyakan sa awa. Mabuti na lamang at nakapagpigil ako.

Gabi na nang siya'y matauhan. Naramdaman na niya ang kirot ng kanyang sugat. Kung may namumukhaan siya sa mga nagbabantay ay biglang umiiyak. Marahil naaawa sa kanyang sarili. Nang makita niya ako tinenong niya ang kanyang kalagayan. Mangiyak-iyak ako nang sabihin ko sa kanyang "huwag, kang mag-alaala. Magpasalamat tayo sa Diyos at iniligtas ka Niya." Naisip naming humingi ng pampatulog na tabletas dahil tuwi-tuwi na'y umiiyak.

Kinabukasan, dumating ang kanyang ama. Ako'y habag na habag sa kanya sapagka't nagpupumilit siyang magpigil ng sarili. Paglapit niya sa kanyang anak ay napaluha siya. Ang kanyang anak naman ay napa-daing sa sakit at saka umiyak. Ang lahat ay nangag-iyakan. Ako'y dali-daling lumabas.

Magtatanghali na nang idating nila ang

mga bangkay ng mga namatay sa pook an pinang-yarihan ng aksidente. Nalaman naming apat sa mga iyon ay taga-Sagada. Maya-maya'y may dumating na maraming kahoy. Pinagawa kami ng mga kabaong. Lahat ay nagsikilos at parang paktorya ito. Habang nagtratabaho kami ay inilipat ang akingpinsan sa ospital ng Sagada. Doon ipinagpatuloy ang paggamot sa kanya hanggang lubosang gumaling.

Masama sa aking pakiramdam ang iwanan ang mga nangamatay kaya't nagpatuloy ako sa pagtulong. Pagkatapos ay iniuwi namin ang mga taga-Sagada. Malalim na ang gabi nang makarating kami sa Sagada.

Pagod na pagod ako nang makarating ako sa bahay. Sumasakit ang aking katawan na para ko ring nararamdaman ang sakit ng mga sugatang aking nasaksihan. Nasabi ko sa aking sarili: "Kung isa ako sa mga sakay ng bus na iyon, ano kaya ang nangyari sa

akin? Isa kayā ako sa mga namatay - o  
isa sa mga sugatan? Mula noon hangga't  
maaari ay ainiwasan ko ang pagbibiyahē  
kung bakasyon o sa mga mahal na araw.

## Multo? Hindi Yata

Ako'y magsisiyam o magsasampong taong gu-  
lang noon. Alam ko nang magluto. Alam ko ring  
magbayo ng bigas at magpakain ng baboy.

Maalaala ko nang minsang nagbabayo akong  
magisa. Ang aking mga magulang ay nasa bukid  
at hindi pa sila umuwi. Dumidilim noon kaya't  
ako'y nagmamadali sa aking ginagawa. Samantalang  
ako'y nagtatahip bigla akong nakakita ng isang  
tao. Akala ko'y isa sa aking mga kaibigan  
kaya't hindi ko pinapansin. Ngunit nang ta-  
wagin ko bigla siyang nawala.

Nag-isip ako nang malalim. Ang aking buhok  
at balahibo'y nangagsitayo na parang nagtuturo  
sa taas. Sa takot ko'y tumakbo ako sa loob ng  
bahay at sinimulan kong magsaing. Naisip ko na  
marahil ang aking nakita'y multo lamang.

Nang kumukulo na ang aking sinaing nakakita  
ako uli ng tao sa aking kaliwa. Isang tao pero  
may takip sa ulo. Naramdaman ko uling tumatayo

ang aking buhok sa takot. Nagsimula na ring-  
manginig ang aking katawan. May multo kayang  
sumusunod sa akin?

Dahil sa takot ko ay hindi ako nakatagal  
kaya't bigla akong tumalon sa bintana. Mabuti't  
maliwanag pa sa labas.

Ngayon, parang panaginip na lamang iyon.  
Ngunit maalaala ko pa rin noong ako'y takot  
na takot. Multo kaya ang aking nakita? Hindi  
ko pa rin matiyak hangga't hindi pa ako  
makakakita ng katulad noon.

## Nang Ako'y Himatayin sa Takot

Hanggang ngayon hindi ko malilimutan noong ako'y takot na takot. Marahil nasa ikaapat na baitang ako noon sa mababang paaralan. Nakatira kami noon sa Lepanto. Doon sa Lepanto ay may bundok na pinagkukunan namin ng ginagawang walis na tambo. Palagi kaming lumiliban sa klase para kumuha lamang ng mga ito.

Malapit sa bundok na iyon ay may swimming pool. Sadyang ginawa ito ng kompanya para sa libangan ng mga taong nagtrabaho roon. Malapit ito sa ilog. Ito'y napakalalim. Ayon sa sinasabi ng mga tao kahit daw tatlong matatangkad na mama ang tatayo dito na patong-patong ay mas mataas pa rin ang tubig. Sa tabi naman ay may malaking gripo na pinag-aagusan ng malaking tubig. Dito naliligo ang mga taong hindi marunong lumangoy. Kilalang-kilala ang lugal na ito. Bago kami nagsisiwi galing sa

pangunguha ng tambo ay hindi maaring hindi muna kami maligo sa swimming pool.

Isang araw, nang ang lahat ay may dala-dala nang tambo dumaan nga kami sa pool. Masarap doon at walang maraming tao. Nang makarating kami doon lahat-lahat ng marunong lumangoy ay nagsipagtalon sa tubig. Lahat ay masasaya. May ibang parang itik. Mayroon namang parang palaka. Ang iba naman ay naghahabulan sa tubig at nagpapaligsahan sa lungoy. Ako'y isa sa mga batang nakaupo sa tabi ng pool at nanonood.

Tuwang-tuwa ako na nagmamasid sa mga nagpapaligsahan. Nang walang anu-ano'y may biglang tumulak sa akin sa tubig. Nabigla ako at hindi tuloy ako makahinga. Sinikap kong gawin ang lahat ng aking naisip. Isinika ko ang aking mga paa. Ang aking mga kamay ay akin ding iginalaw. Ngunit sadyang nalulunod ako. Lalo akong nahintakutan. Maya-maya'y naramdaman kong may

humawak sa aking baywang. Ang aking katawan ay parang gumagaan at unti-unting lumitaw sa tubig. Ilinabas ako ng aking taga-pagligatas at dinala ako sa may buhangin. Nang ibaba niya ako nanghihina na ang aking katawan. Ang pakiramdam ko'y para akong galing sa mahabangmahabang paligsahan sa pagtatakbo. Nanginginig ang buo kong katawan. Ang kaba ng aking puso ay mabilis at mabigat na parang may nagbabayo sa loob. Binantayan ako ng lahat hangga't bumuti-buti ang aking pakiramdam. Huminto ang kaba ng aking puso.

Maya-maya'y lumapit ang nagtulak sa akin. "Ikinalulungkot ko ang nangyari. Hindi ko talaga alam na hindi ka marunong lumangoy." Halatang takot na takot rin dahil hindi makatingin sa akin.

Pagkatapos pinuntahan ko rin ang aking taga-pagligtas. Yinakap ko siya at sa tuwa ko'y para ko nang durugin ito sa mahigpit kong yakap. "Kailan ma'y hindi ko malilimot ang pagkakaligtas

mo sa aking buhay," nasabi ko na lamang. "Hindi ko tuloy maubos-maisip kung papaano kita pasalamatan."

## Nang Ako'y Napahiya

Ang buhay ko noon sa kolehiyo ay isang malaking sakripisyo. Ang perang pinadadala ng aking mga magulang ay tamang-tama sa pambili ng bigas, gulay, tuyo, asin, asokal at tsa. Mahirap ang aking mga magulang kaya't ang payo nila sa akin ay pagpasinsiyahan ko raw ang anomang mayroon. Ang mahalaga ay ang makapag-aral ako.

Isang hapon pagkagaling ko sa klase inabutan ako ng karne ng isa kong kasama sa dormitoryo. At ang sabi: "Ibinibigay ito sa inyo ng inyong kapitbahay sa Sagada." Masaya ko namang tinanggap at dali-dali kong isinalang. Matagal akong hindi nakatikim ng karne kaya't hindi ako makapaghintay.

Nang linuluto ko ito ay dumating ang aking kapitbahay. Kukunin daw niya ang karne na pinatago niya. Naku po!! Ang babaing nagabot sa akin ay nagkamali. Hiyang-hiya ako.

Para akong suso na napaurong sa sariling  
kartutso. Ako'y humingi ng paumanhin at  
sinabi kong babayaran ko ang karne ngunit  
ang aking kapitbahay ay isang mabuting  
Kristiyano na umiibig sa Diyos. Nain-  
tindihan niya ang aking damdamin.